THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 MGA BAGONG HALAL NA ASCOM OFFICERS, NANUMPA SA KATUNGKULAN

VOLUME 2 No. 14 Feb. 13, 2023 - Feb. 19, 2023

# PANDANG GITAB ORIENTAL MINDORO, PINAGHAHANDAAN



MATAPOS ANG TATLONG TAONG walang malalaking pagtitipon dahil sa pandemya ng COVID-19, muling ilulunsad ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Tourism Office (PTO) ang Pandang Gitab Oriental Mindoro sa Abril 30, 2023. Kaugnay ng paghahanda dito, nagsagawa ng Festival Management Workshop sa Vencio's Garden Hotel and Restaurant noong Pebrero 16 na pinangasiwaan ni Provincial Tourism Officer Don Stepherson V. Calda. Dinaluhan ito ng ilang resource speakers at mga kinatawan ng walong (8) contingent na lalahok sa street dancing competition mula sa iba't ibang paaralan at sektoral na organisasyon sa lalawigan.

Ibinahagi ni Tourism Officer Calda na ayon sa kanilang pananaliksik at konsultasyong isinagawa, maraming pagbabago ang kailangang gawin upang higit pang maipakita sa Pandang Gitab ang mga akmang pagkakakilanlan ng Oriental Mindoro bilang opisyal nitong festival.

Bilang panimula ng mga pagbabagong nabanggit, hindi lamang ito Pista ng Ilaw at Liwanag manapa'y isa itong Thanksgiving Festival, pasasalamat para sa ilaw at liwanag at sa pamamagitan ng ilaw at liwanag.

Ang bagong Pandang Gitab Festival ay naglalayong ipamalas ang tatlong mahahalagang tema ng pasasalamat gamit ang ilaw at liwanag sa buhay nating mga Mindoreno. Una, ang pasasalamat sa pananampalataya. Sasayaw tayong may ilaw at liwanag para patuloy na magningning ang pananampalatayag ating minana at patuloy na inaangkin, Ikalawa, pasasalamat sa ating mayamang kalikasan. Sasayaw tayong may ilaw at liwanag sa ating mga kamay para patuloy na payabungin at pangalagaan ang ating likas na yaman. Ikatlo, ang pasasalamat sa mga magagandang katangian ng ating lahi. Sasayaw tayo sa ilaw at liwanag para maipagmalaki ang lahing Oriental Mindoreno. Sisimulan natin na ilagay sa kasaysayan na ang kwento ng Pandang Gitab ay kwento ng bawat mamamayan ng lalawigan, sa matibay nating pananampalataya, biniyayaan tayo ng mayamang kalikasan at dahil dito, ipinagmamalaki nating ang ating lahi at katangian bilang Oriental Mindoreno.

Bukod dito, magkakaroon na rin ng bagong musika na orihinal na komposisyon ng isang Mindoreno. Ang mga kasuotang gagamitin ay mula sa mga tradisyunal na kasuotan ng mga Mindoreno tulad ng baro at saya sa mga babae at camiso de chino naman sa mga lalaki. Magiging inspirasyon ng disenyo ng mga costume at props ang iba't ibang halaman at hayop na matatagpuan sa Mt. Halcon.

Samantala, produkto ng festival management workshop na magkakasamang binuo ng mga choreographer ng mga lalahok na contingent ang magiging basic dance steps na gagamitin sa street dancing competition.

Ang Pandang Gitab Oriental Mindoro Festival of Lights ay ang opisyal na festival ng Oriental Mindoro ayon na rin sa ordinansa na ipinasa ng Sangguniang Panlalawigan na pinamunuan noon ni dating Bise-Gobernador at ngayon ay Gobernador Humerlito *"Bonz"* Dolor. (Provincial Tourism Office)





THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS
PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM




TINGNAN: Pinangungunahan ni Regional Advisory Group for Police Transformation and Development (RAGPTD) Chairperson Governor Humerlito Bonz Dolor ang ginanap na kauna-unahang RAGPTD Meeting para sa taong 2023 sa Hinirang Hall, PRO MIMAROPA RHQ, Camp Efigenio C. Navarro Brgy. Suqui Calapan City. (PIO Calapan)











TINGNAN: *"Today, you start your journey for responsibility, carry the responsibility to be the role model in the riding community."*

Ito ang naging mensahe ni Governor Humerlito *"Bonz"* A. Dolor sa mga motorcycle riders sa opening ceremony ng Executive Motorcycle Riding Course (EMCRC) Class 10-2023 noong Pebrero 16 sa Police Regional Office – MIMAROPA Parade Ground, Camp BGen Efigenio C. Navarro, Lungsod ng Calapan. Idinagdag pa ng Gobernador na maging matatag at sikaping makatapos sa pagsasanay upang maging katuwang ng Highway Patrol Group bilang mga force multiplier sa pagpapanatili ng kaayusan sa mga lansangan. (PIO Calapan)



# MGA BAGONG HALAL NA ASCOM OFFICERS, NANUMPA SA KATUNGKULAN

NANUMPA sa harap ni Governor Humerlito *"Bonz"* Dolor ang mga bagong halal na opisyal ng Association of Student Councils in Oriental Mindoro o ASCOM sa Conference Room ng Office of the Governor sa Kapitolyo noong Pebrero 13.

Pinangunahan ang nabanggit na panunumpa ni ASCOM President Dwight David Depuno, pangulo ng student council ng John Paul College sa bayan ng Roxas. Tinatayang umabot na sa 21 student councils mula sa pampubliko at pribadong kolehiyo sa lalawigan ang myembro ng ASCOM.

Pinaalalahan ang mga ito ng Gobernador na sa anumang panunumpang gagawin, isaisip ang sinasabi sa Mateo 5:37 na nagsasaad na kapag ang isang tao ay manunumpa, ang kailangan lamang sabihin ay oo at hindi sapagkat anuman ang nasa labas nito ay mula na sa masama.

*"As ASCOM officers, you are required to give your time, talent and treasure as part of your sacrifices for the welfare of your fellow students. But in the end, all of these will give you fulfilment not only as a student but as a productive person of our community"*, saad pa ng Gobernador.

Ang ASCOM na unang tinawag na FESCOM o Federation of Student Councils in Oriental Mindoro na itinatag noong 2016 ay isa nang organisasyon na nakarehistro sa Department of Labor and Employment (DOLE). Naging kauna-unahang presidente ng samahan si Allen Balaibo na kasalukuyang Asst. Provincial Youth Development Officer ng Kapitolyo. Nakiisa rin sa gawin si Provincial Youth Development Council Co-chair Patrick Balingasa. (PIO Calapan)







THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 14 Feb. 13, 2023 - Feb. 19, 2023

Sparkle Beauty Salon

LOVE IS IN THE HAIR

O33B LEUTERIO STREET, SAN VICENTE CENTRAL, CALAPAN CITY, ORIENTAL MINDORO
0995 866 4429

# Green Energy Pilot Project ng DOE, Inilunsad

*"Maswerte ang Oriental Mindoro na maging Green Energy Pilot Project ng Department of Energy".*

Ito ang ipinahayag ni Provincial Administrator Christopher Hubbert Dolor, kinatawan ni Gobernador Bonz Dolor matapos tanggapin noong araw ng 14 na benepisyaryo sa lalawigan ang training materials para sa 15 Solar PhotoVoltaic System sets grant na kinapapalooban ng solar panel, inverter at battery na may tig 2.28 kwp mula sa DOE na ipinagkatiwala naman ang pamamahala at pagmo-monitor nito sa Pamahalaang Panlalawigan.

Ayon kay PA Dolor, kumukumplemento ang naturang solar project sa ginagawa ngayon ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Planning and Development office na Power Development Plan kabilang na rito ang Solar and Renewable Energy. Inatasan niya ang PPDO na isiguro ang magandang kalalabasan ng plano para rito at ang pagpapakilala nito hindi lamang sa mga pampublikong establisyamento kundi maging sa mga pribado upang dumating din ang panahon na maipasa ito sa mga pribadong establisyamento. Sa isinagawang Training and Orientation for Solar PV Installation, ipinaliwanag din ni WeGen Energy Philippines Enphase Micro-Inverter Specialist Arnel Miranda ang mga adbentahe ng naturang solar system kumpara sa iba pang mayroon nito tulad ng mas madaling pag-i- installa, mas matibay sa humidity kung ang lokasyon ay malapit sa dagat, mas maalwang disenyo, mas maaasahan at mas ligtas.

Kabilang naman sa mga napagkalooban at magiging bahagi ng naturang pilot project ay ang Puerto Galera Municipal Hall, Baco Municipal Hall, Materials Recovery Facility (MRF) building ng Victoria, Pola Municipal Health Center, Naujan Community Hospital at Silonay Mangrove Ecopark ng Calapan City. Nakasama rin sa naturang proyekto ang Mangyan Community tulad ng Naujan Tugdaan Mangyan Center for Learning Development at ang mga parokya ng simbahan kabilang ang Victoria Good Shepherd Catholic Parish Church, Bansud Divine Saviour, Bongabong St. Joseph, Gloria Sacred Heart, Pinamalayan St. Augustine, Roxas Sto. Nino at San Teodoro Immaculate Conception.

Ang malaking tulong na programang ipinagkaloob sa lalawigan bilang grant ay bunga ng magkatuwang na inisyatiba nina AVC DSAC Executive Director Fr. Edwin Gariguez at Governor Bonz Dolor kung saan kaagad na nakipag-ugnayan ang huli sa Department of Energy para sa naturang proyekto. (PIO Calapan)



